# PINOPROTEKTAHAN NG CALIFORNIA ANG MGA KARAPATANG SIBIL NG MGA MIYEMBRO NG LGBTQ+

## DOKUMENTO NG IMPORMASYON

Civil Rights Department
STATE OF CALIFORNIA

Sa California, ang mga miyembro ng LGBTQ+ ay mayroong pantay na mga karapatang sibil, dignidad, at halaga. Departamento ng Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Department, CRD) ng California para tumulong.

Labag sa batas ang pagdiskrimina o hindi pantay na pagtrato ng mga employer, may-ari ng lupa, lahat ng uri ng negosyo, mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan at insurance, tirahan para sa walang bahay, programa at serbisyo na pinopondohan ng estado, at mga iba pa laban sa sinuman dahil sa kanilang seksuwal na oryentasyon, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, o kasarian sa pagkasilang. Gayundin, labag sa batas ang marahas na pag-atake o pagbabanta sa sinuman (o kanilang ari-arian) dahil sa mga katangiang ito.

Kung nakaranas ka ng diskriminasyon o karahasan dahil ikaw ay, o ipinagpapalagay na, o isang kaibigan o kapamilya ng, isang miyembro ng LGBTQ+ (o alinmang iba pang seksuwal na oryentasyon o pagkakakilanlan ng kasarian), maghain ng reklamo sa CRD. Gayundin, kung nakaranas ka ng diskriminasyon o karahasan dahil sa kung paano mo ipinapahayag ang iyong kasarian, tulad ng mga damit na pinipili mong isuot, o kung paano mo inaayos ang buhok mo, maghain ng reklamo sa CRD.

At, huwag kalimutang pinoprotektahan ng batas ng California ang lahat (kabilang ang mga miyembro ng LGBTQ+) mula sa diskriminasyon at karahasan batay sa lahi, bansang pinagmulan, kapansanan o iba pang mga protektadong katangian.

## MGA HALIMBAWA NG LABAG SA BATAS NA DISKRIMINASYON/ KARAHASAN

- **Nagdudulot ng panggugulo o panliligalig (harassment) sa iyo ang iyong mga kasamahan sa trabaho dahil ikaw ay gay o bisexual**
- **Pinagbabawalan ka ng iyong employer na gumamit ng banyong naaayon sa iyong pagkakakilanlan ng kasarian**
- **Ang isang hotel o restawran na regular na tumatanggap ng mga kasalan ay tumatangging tanggapin ang iyong kasalan kasama ang isang taong may parehong kasarian**
- **Hindi pantay ang pagtrato sa iyo ng isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan dahil ikaw ay isang lesbian o hindi binary ang kasarian**
- **Nabigo ang isang programang pangkabataang pinopondohan ng estado na pigilin ang pambu-bully sa iyo dahil sa kung paano mo ipinapahayag ang iyong kasarian**
- **Tumatangging magpaupa sa iyo ang isang may-ari ng lupa dahil ipinagpapalagay niyang LGBTQ+ ang iyong anak**
- **Hindi pantay ang pagtrato ng tauhan sa isang tirahan para sa walang bahay dahil iniisip nilang isa kang LGBTQ+**
- **Ginasgasan ng iyong kapitbahay ang kotse mo dahil hindi niya sinasang-ayunan ang iyong “lifestyle” o paraan ng pamumuhay**

## MGA KARAGDAGANG HALIMBAWA NG LABAG SA BATAS NA DISKIMINASYON

- **Hindi ka tinatanggap ng isang programa para sa maliliit na negosyo na pinopondohan ng estado dahil hindi nila gusto ang transgender at/o lesbian na babae na di-puti**
- **Dehado ang mga tuntunin sa pautang na ibinibigay sa iyo ng isang bangko o tinatanggihan kang pahiramin nito dahil pareho ang kasarian ninyo ng partner mo at isa siyang imigrante at hindi nakapagsasalita ng Ingles**
- **Sinusubok ng isang tagapagkaloob ng pabahay na paalisin ka dahil mayroon kang Seksiyon 8 na voucher at bandera ng pride sa iyong bintana**
- **Hindi man lamang kinokonsidera ng isang employer ang iyong aplikasyon sa trabaho dahil isa kang nakakatandang miyembro ng LGBTQ+**

## PARA MAGHAIN NG REKLAMO

**Departamento ng Mga Karapatang Sibil**
calcivilrights.ca.gov/complaintprocess
Walang Toll: 800.884.1684
TTY: 800.700.2320

Kung mayroon kang kapansanang nangangailangan ng makatuwirang kaluwagan, maaari kang tulungan ng CRD sa pamamagitan ng telepono o, para sa mga indibidwal na Bingi o May Kahirapan sa Pandinig o may mga kapansanan sa pagsasalita, sa pamamagitan ng California Relay Service (711), o maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng impormasyon sa ibaba.

CRD-A04P-TG / Setyembre 2022